Department of Education
Region X - Northern Mindanao
DIVISION OF CAGAYAN DE ORO
Fr. William F. Masterson, SJ Avenue, Upper Balulang, Cagayan de Oro City

# Aktibiti ng Pagkatuto sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

SHARED OPTIONS
Senior High Alternative Responsive Education Delivery

Competence.Dedication.Optimism

# Preface

It has been elaborated in research and literature that the highest performing education systems are those that combine quality with equity. Quality education in the Department of Education (DepEd) is ensured by the learning standards in content and performance laid in the curriculum guide. Equity in education means that personal or social circumstances such as gender, ethnic origin or family background, are not obstacles to achieving educational potential and that inclusively, all individuals reach at least a basic minimum level of skills.

In these education systems, the vast majority of learners have the opportunity to attain high-level skills, regardless of their own personal and socio-economic circumstances. This corresponds to the aim of DepEd Cagayan de Oro City that no learner is left in the progression of learning. Through DepEd's flexible learning options (FLO), learners who have sought to continue their learning can still pursue in the Open High School Program (OHSP) or in the Alternative Learning System (ALS).

One of the most efficient educational strategies carried out by DepEd Cagayan de Oro City at the present is the investment in FLO all the way up to senior high school. Hence, Senior High School Alternative Responsive Education Delivery (SHARED) Options is

operationalized as a brainchild of the Schools Division Superintendent, Jonathan S. Dela Peña, PhD.

Two secondary schools, Bulua National High School and Lapasan National High School, and two government facilities, Bureau of Jail Management and Penology-Cagayan de Oro City Jail and Department of Health-Treatment and Rehabilitation Center-Cagayan de Oro City, are implementing the SHARED Options.

To keep up with the student-centeredness of the K to 12 Basic Education Curriculum, SHARED Options facilitators are adopting the tenets of Dynamic Learning Program (DLP) that encourages responsible and accountable learning.

This compilation of DLP learning activity sheets is an instrument to achieve quality and equity in educating our learners in the second wind. This is a green light for SHARED Options and the DLP learning activity sheets will continually improve over the years.

Ray Butch D. Mahinay, PhD
Jean S. Macasero, PhD

# Acknowledgment

The operation of the Senior High School Alternative Responsive Education Delivery (SHARED) Options took off with confidence that learners with limited opportunities to senior high school education can still pursue and complete it. With a pool of competent, dedicated, and optimistic Dynamic Learning Program (DLP) writers, validators, and consultants, the SHARED Options is in full swing. Gratitude is due to the following:

- Schools Division Superintendent, Jonathan S. Dela Peña, PhD, Assistant Schools Division Superintendent Alicia E. Anghay, PhD, for authoring and buoying up this initiative to the fullest;
- CID Chief Lorebina C. Carrasco, and SGOD Chief Rosalio R. Vitorillo, for the consistent support to all activities in the SHARED Options;
- School principals and senior high school teachers from Bulua NHS, Lapasan NHS, Puerto NHS and Lumbia NHS, for the legwork that SHARED Options is always in vigor;
- Stakeholders who partnered in the launching and operation of SHARED Options, specifically to the Bureau of Jail Management and Penology-Cagayan de Oro City Jail and the Department of Health-Treatment and Rehabilitation Center-Cagayan de Oro City;

- Writers and validators of the DLP learning activity sheets, to which this compilation is heavily attributable to, for their expertise and time spent in the workshops;
- Alternative Learning System implementers, for the technical assistance given to the sessions; and
- To all who in one way or another have contributed to the undertakings of SHARED Options.

Mabuhay ang mga mag-aaral! Ito ay para sa kanila, para sa bayan!

Ray Butch D. Mahinay, PhD
Jean S. Macasero, PhD

Writers:

1. Luz Binolhay — Gusa Regional SHS
2. Miraflor Labnotin — Tablon NHS

Editors/Validators:

1. Teresa Mingo,PhD — Cagayan de Oro NHS
2. Sol Aceron,PhD — EPS-Filipino, CID-Division Office

Reproduction (LRMDS)

1. Gemma P. Pajayon - Project Development Officer II
2. Lanie M. Signo - Librarian II

JEAN S. MACASERO, PhD
EPS- SHS Coordinator

RAY BUTCH D. MAHINAY, PhD
MT-1 ALS Coordinator

LOREBINA C. CARRASCO
Chief, CID

ALICIA E. ANGHAY, PhD
Assistant Schools Division Superintendent

JONATHAN S. DELA PEŇA, PhD., CESO V
Schools Division Superintendent

**Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik**

# MONITORING OF ACCOMPLISHED LEARNING ACTIVITY SHEETS

| Bilang ng Aktibiti | AKTIBITI ng PAGKATUTO | PETSA | ISKOR | AYTEM |
|---|---|---|---|---|
| | UNANG KWARTER | | | |
| 1 | Tekstong Impormatibo | | | |
| 2 | Tekstong Deskriptibo ( Pagkilala ng Kahulugan ng Salita) | | | |
| 3 | Tekstong Deskriptibo (Pagsulat) | | | |
| 4 | Tekstong Persuweysib | | | |
| 5 | Tekstong Naratibo | | | |
| 6 | Tesktong Argumentatibo | | | |
| 7 | Tekstong Prosidyural | | | |
| 8 | Tekstong Prosidyural (Pagsusuri ng Tekstong Binasa) | | | |
| 9 | Mabisang Paraan ng Pagpapahayag | | | |
| 10 | Pinal na Awput :<br>Nakagagawa ng Isang Reaksyong Papel Tungkol sa Pamilya | | | |
| | | | | |
| | IKALAWANG KWARTER ( Pagsulat ng Pananaliksik) | | | |
| 11 | * Pagpili ng Paksa | | | |
| 12 | * Pagsulat ng Tentatibong Balangkas at Pagbuo ng Tentatibong Bibliograpi | | | |
| 13 | * Paraan at Tamang Proseso ng Pagsulat ng Pananaliksik | | | |
| 14 | * Konseptong Papel | | | |
| 15 | Pagbuo ng Pinal na Draft | | | |
| 16 | Pagbuo ng Pinal Na Awtput | | | |
| | | | | |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Impormatibo | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Natutukoy ang paksang tinalakay sa ibat' ibang tekstong binasa. F11PB-IIIa-98 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 1 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG IMPORMATIBO**- ay isang uri ng babasahing di-piksyon. Isinulat ito sa layuning makapaghatid ng impormasyon sa mga mambabasa.

Mga Halimbawa: balita, ulat, pananaliksik, artikulo, komentaryo at suring papel.

**GAWAIN:**

Basahin ang halimbawang balita at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

**Malakas na Pag-ulan Nagdulot ng Pagbaha sa Cagayan de Oro**



Ilang bahagi ng Cagayan de Oro (CDO) City ang nakakaranas ng pagbaha dahil sa patuloy na pag-ulan. Alas tres Lunes ng hapon nang magsimula ang pag-ulan na dala ng Low Pressure Area (LPA) at tail end ng cold front. Inabisuhan na ng City Disaster Risk Reduction and Management Council (CDRRMC) ang mga residente malapit sa ilog at mga danger zones na maging alerto at pumunta sa mga ligtas na lugar. Marami ring residente ang na-stranded sa mga mall at hindi makadaan dahil sa baha. Ayon kay Vergil Lago, ang monitoring chief ng CDRRMC, nag-deploy na sila ng mga rescuers sa mga na stranded na mga residente. Minomonitor din ang water level sa mga ilog sa siyudad.

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang nangyari? | |
| 2. Sino ang mga kasangkot? | |
| 3. Saan nangyari? | |
| 4. Kailan nangyari? | |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng ibat'ibang uri ng tekstong binasa. F11PT-IIIa-88 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | LAS No.: 2 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG Deskriptibo**- ay may layuning ilarawan ang mga katangian ng mga bagay, pangyayari, lugar, tao, ideya, paniniwala at iba pa.

Mga Halimbawa: Mga akdang pampanitikan, talaarawan, talambuhay, sanaysay, polyetong panturismo, suring-basa, obserbasyon, sanaysay, rebuy ng pelikula.


**GAWAIN:**

**Panuto: Basahin ang apat na anyo ng pag-ibig.**

**Apat na Anyo ng Pag-ibig**

Philia ay isang anyo ng pagmamahal sa pagitan ng mga magkakaibigan, ito'y pagmamahal na ipinaparamdam ng mga magkakaibigan sa isa't isa na may iisang layunin sa buhay. Ang pangalawang anyo ay tinatawag na Eros na kung saan dito pumapasok yong pagmamahal natin sa mga taong naging parte na ng ating mga buhay, mga taong nakilala natin minsan na ngayo'y di na natin kaya pang mabuhay ng wala sila. Ito'y tumutukoy ng pagmamahal ng babae sa isang lalaki, at gayon din naman ang lalaki sa isang babae. Ang pangatlo ay tinatawag na Storge na ang ibig sabihin ay pagmamahal sa pagitan ng ating mga mahal sa buhay, magulang at mga kapatid, kapamilya na naging dahilan ng ating pagkabuhay sa mundo at lumikha ng malaking impluwensya sa ating mga buhay.Panghuling anyo ay tinatawag na Agape na kung saan ito ay pag-ibig na walang hinihintay na kapalit, di alintana ang hirap… ito'y ipinaparamdam ng ating mahal na Panginoon at tanging siya lang ang wagas na makapagbibigay nito.

**GAWAIN**



| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Deskriptibo | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naibabahagi ang katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa sa pagsulat. F11PS-IIIb-91 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 3 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG DESKRIPTIBO**- ay may layuning ilarawan ang mga katangian ng mga bagay, pangyayari, lugar, tao, ideya, paniniwala at iba pa.

Mga Halimbawa: Mga akdang pampanitikan, talaarawan, talambuhay, sanaysay, polyetong panturismo, suring-basa, obserbasyon, sanaysay, rebuy ng pelikula.

**GAWAING PASULAT:**

**Panuto: Mula sa halimbawa ng Tekstong Deskriptibo na pinamagatang "Apat na Anyo ng Pag-ibig". Pumili ng isang larawan na naaayon sa iyong sariling karanasan at sumulat ng isa o dalawang talatang (paragraph ) tekstong deskriptibo.**

**Philia**



**Agape**



**Eros**



**Storge**



| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Persuweysib | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakasusulat ng isang halimbawa ng tekstong persuweysib. F11PU-IIIb-89 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 4 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG Persuweysib/Nanghihikayat -** ay naglalayong manghimok o mangumbinsi sa pamamagitan ng pagkuha ng damdamin o simpatiya ng mambabasa.

**Mga Halimbawa:**

A.**TALUMPATI -** isang sining ng pagpapahayag ng kaisipan o opinyon ng isang tao tungkol sa isang paksa na ipinababatid sa pamamagitan ng pagsasalita sa entablado.

B.**MGA PATALASTAS/ADVERTISEMENT**- ay isang maikling programa o palabas na maaring nagpabatid, nanghihikayat, o nagbibigay-kaalaman patungkol sa isang bagay para sa publiko.

Tatlong elemento ayon kay Aristotle :

› Ethos: Ang karakter, imahe, o Reputasyon ng Manunulat/Tagapagsalita

› Logos: Ang Opinyon o lohikal na pagmamatwid ng Manunulat/ Tagapagsalita

› Pathos: Emosyon ng Mambabasa/ Tagapakinig

- Una- Linawin kung ano ang layunin ng isusulat na teksto; anong posisyon, aksyon o ideya ang nais mong paniwalaan o tanggapin ng mambabasa o tagapakinig.
- Pangalawa- Unawain ang uri ng mambabasa o tagapakinig na tatanggap ng isinusulat na teksto. At alamin kung anong damdamin ang nais mong mangingibabaw o mapukaw sa kanila.

**GAWAIN:**

Gumawa ng patalastas o talumpati tungkol sa kahalagahan ng Edukasyon

______________________

Pamagat

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Naratibo | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nagagamit ang cohesive device sa pagsulat ng sariling halimbawang teksto .F11WG-IIIc-90 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 5 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG NARATIBO-** ay nagkukwento ng mga serye ng pangyayari na maaring piksyon (nobela, maikling kwento, tula) o di-piksyon (byograpiya, balita, malikhaing sanaysay). Ito ay gumagamit ng wikang puno ng imahinasyon,nagpapahayag ng emosyon,at kumakasangkapan ng iba't ibang imahen, metapora at simbolo upang maging malikhain ang katha.

**Cohesive Device/ Kohesyong Gramatikal-** ay nagpapatungkol sa mga salitang nagsisilbing pananda upang hindi maging pauli-ulit ang mga salita.

Dalawang Uri:

1. Anapora- Ito ay panghalili na ginagamit sa hulihan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa unahan.
   Hal. Kung makikita mo si Manong, sabihin mo lamang na ibig ko **siyang** makausap.
2. Katapora - Ito ang pangahalip na ginamit sa unahan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa hulihan.
   Hal. **Siya** ang pangulo ng bansang Pilipinas, si Pangulong Duterte ang ibinoto ng mamamayang Pilipino.

**GAWAIN:**

Sumulat ng maikling kwento gamit ang kohesyong gramatikal tungkol sa di-malilimutang karanasan.

____________________

Pamagat

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________.

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Argumentatibo | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakakukuha ng angkop na datos upang mapaunlad ang sariling tekstong isinulat. F11EP-IIId-36 Nasusuri ang halimbawang ibinigay . | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) https://aggo15.wordpress.com/best-works/filipino/filipino- | LAS No.: 6 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG ARGUMENTATIBO**- ay nakatuon sa layuning manghikayat sa pamamagitan ng pangangatwiran batay sa katotohanan o lohika. Ito ay may dalawang panig; pabor at di pabor.

Kaibahan ng Tekstong Persuweysib sa Tekstong Argumentatibo

| Tekstong Persuweysib | Tekstong Argumentatibo |
|---|---|
| Nakabatay sa opinyon | Nakabatay sa totoong ebidensya |
| Walang pagsasaalang-alang sa kasalungat na pananaw | May pagsasaalang-alang sa kasalungat na pananaw |
| Nanghihikayat sa pamamagitan ng apela sa emosyon at nakabatay ang kredibilidad sa karakter ng nagsasalita, at hindi sa merito ng ebidensya at katwiran | Ang panghihikayat ay nakabatay sa katwiran at mga patunay na inilatag |
| Nakabatay sa emosyon | Nakabatay sa lohika |

GAWAIN: Kopyahin ang halimbawa sa ibaba , suriin kung ito ay tekstong Persuweysib o Argumentatibo at iapaliwanag kung bakit iyon ang sagot mo .

**Ang Proleaf Shampoo "Tints of Nature"**

Mga Benepisyo

Ito ay nagpapalakas sa iyong buhok sa loob lamang ng isang araw!
Mawawala ang mga balakubak sa buhok ninyo at magkakaroon ito ng malakas ng proteksyon mula dito!
Ito rin ay hindi nakaiirita sa iyong mata.
Mananatili rin ang mahalimuyak na amoy sa iyong buhok hanggang beintikuwatro oras!
Ito ay gawa sa mga natural na mga kagamitan kaya hindi ito nakasisira sa ating kalikasan!
Ang lahat ng mga benepisyong ito ay makukuha ninyo sa mababang presyo!
Kaya ano pa ang hinihintay ninyo? Bili na!

Sources:
www.tintsofnature.com.au/
care_repair.html

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Prosidyural | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. F11PB-IIId-99 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 7 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG PROSIDYURAL**- ay binubuo ng mga panuto upang masundan ang mga hakbang ng isang proseso sa paggawa ng isang bagay. Nagsasaad din ito ng impormasyon o mga direksyon upang ligtas, mabilis, matagumpay at maayos na maisakatuparan ang mga gawain.

**Mga Halimbawa**: manwal sa paggamit ng isang kasangkapan o mekanismo, resipi, gabay sa paggawa ng mga proyekto, mga eksperimentong siyentipiko, mekaniks ng laro at mga alituntunin sa kalsada.

**Resipi sa Pagluluto ng Kare-Kare**

Mga Sangkap: 1 buntot ng baka, 2 pata ng baka, 1 taling sitaw, 1 taling petsay, 2 talong, $\frac{1}{2}$ tasang mani, $\frac{1}{2}$ tasang bigas, atsuwete, asin, bawang, sibuyas.

**Paraan ng Pagluluto**

- Dikdikin ang bawang, hiwain ang sibuyas, paggisa, putol-putulin ang sitaw, hiwain ang petsay, hiwain nang pahalang ang talong, isangag ang mani at ang bigas, dikdikin ito nang pinong-pino, sa isang mangkok, lagyan ng isang kutsarang lihiya ang atsuwete, hiwain ang buntot at pata ng baka sa tamang laki, palambutin.
- Igisa ang bawang at ang sibuyas, pagkatapos ay ihalo ang pinalambot na buntot at pata ng baka, isunod naman ang sabaw na pinaglagaan ng buntot at pata ng baka, timplahan ng asin, pagkulo, ihalo ang pinong bigas at mani, isunod ang mga hiniwang gulay, pagkatapos ay kulayan ng atsuwete upang pumula, ngayong tapos na ang kare-kare ay maari na itong ihain.

**GAWAIN:**

Aktwal na ipagagawa sa mga mag-aaral ang gawaing angkop sa kanilang kakayahan gamit ang tamang prosidyur sa paggawa.

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Tekstong Prosidyural | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. F11PB-IIId-99 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 8 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**TEKSTONG PROSIDYURAL**- ay binubuo ng mga panuto upang masundan ang mga hakbang ng isang proseso sa paggawa ng isang bagay. Nagsasaad din ito ng impormasyon o mga direksyon upang ligtas, mabilis, matagumpay at maayos na maisakatuparan ang mga gawain.

**Mga Halimbawa**: manwal sa paggamit ng isang kasangkapan o mekanismo, resipi, gabay sa paggawa ng mga proyekto, mga eksperimentong siyentipiko, mekaniks ng laro at mga alituntunin sa kalsada.

**GAWAIN:**

**Batay sa Tesktong Prosidyural ( Resipi sa Pagluluto ng Kare-kare )at sa naunang gawaing ipinakita, iangkop ang kahalagahan ng mga ito sa;**

**sarili**

**pamilya**

**komunidad**

**bansa**

**daigdig**

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Mabisang Paraan ng Pagpapahayag | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nagagamit ang mabisang paraan ng pagpapahayag: a. kalinawan b. kaugnayan c. bisa sa reaksyong papel na isinulat. F11PU-IIfg-90 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 9 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**


**Mabisang Paraan ng Pagpapahayag**

a. Kalinawan- malinaw ang paliwanag at angkop o tama ang mga salitang ginagamit.
b. Kaugnayan- magkakaugnay ang mga pangungusap o talata.
c. Bisa- Ito ay maaaring pumupukaw sa interes ng mambabasa; sa damdamin, kaisipan at kaasalan.

**GAWAIN:**

Gamit ang mabisang paraan ng pagpapahayag,sumulat ng reaksyong papel tungkol sa sanhi ng pagbaha ng Lunsod ng Cagayan de Oro.

**Sanhi ng Pagbaha sa Lunsod ng Cagayan de Oro**



| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Uri ng Teksto | | |
| Paksang Pamagat : Pinal na Awtput | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakasususlat ng mga reaksyong papel batay sa binasang teksto ayon sa katangian at kabuluhan nito sa: a. sarili, b. pamilya, c. komunidad, d. bansa, e. daigdig F11EP-IIIj-37 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | LAS No.: 10 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**Reaksyong Papel-** ay tumutukoy sa paglalahad ng makatarungan, patas o balanseng paghuhusga o assessment sa mga sitwasyong may kinalaman sa mga tao, bagay, pook at mga pangyayari. Sumasaklaw rin ito sa matalinong pagtataya sa kalidad, kakayahan, pamamaraan, katotohanan at kagandahan ng obra maestra. Isang halimbawa ay ang pagbibigay ng reaksyon ng mga tao sa mga pangyayaring pampolitikal, pang-ekonomikal o pansosyal. Puwede ring ipahayag ang reaksyon o puna sa panood ng pelikula, dula, konsyerto o ipinintang disenyo o larawan.

**Mga Bahagi:**

Simula- ito ang parte na inilalahad ang paksa.
Katawan- ang parte kung saan dito inihahayag ang pananaw o reaksyon sa bawat aspektong may kaugnay sa sinusuri.
Konklusyon- pangkalahatang reaksyon ukol sa paksa.

**GAWAIN:**

Nakasusulat ng isang reaksyong papel tungkol sa sa pamilya at iugnay ito sa sarili, komunidad, bansa at daigdig.

____________________
Pamagat

____________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Hakbang ng Pananaliksik Para sa Papel Pananaliksik | | |
| Paksang Pamagat : Pagpili ng Paksa | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo at etika sa pananaliksik. F11PB-IVab-100 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 11 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**Paksa**- ay ang pangkalahatan o sentral na ideyang tinatalakay sa isang sulating pananaliksik.

**Mga Tips o Paalala sa Pagpili ng Paksa:**

- Interesado ka o gusto moa ng paksang pipiliin
- Mahalagang maging bago o naiiba at walang kaparehong paksa.
- May mapagkukunan ng sapat at malawak na impormasyon.
- Maaaring matapos sa takdang panahong nakalaan

**Mga Hakbang sa Pagpili ng Paksa:**

- Alamin kung ano ang inaasahan o layunin ng susulatin.
- Pagtatala ng mga posibleng maging paksa para sa sulating pananaliksik.
- Pagsusuri sa mga itinalang ideya.
- Pagbuo ng tentatibong paksa.
- Paglilimita sa paksa.

**GAWAIN:**

Isulat sa kahon ang limang paksa na sa tingin mo ay pwede mong gamitin sa paggawa ng papel pananaliksik.

**P** **Mga**

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Mga Hakbang ng Pananaliksik Para sa Papel Pananaliksik | | |
| Paksang Pamagat : Pagsulat ng Tentatibong Balangkas at Pagbuo ng Tentatibong Biblyograpi. | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik. F11PT-IVcd-89 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 12 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**Balangkas**- ay nagsisilbing larawan ng mga pangunahing ideya at mahahalagang detalye tungkol sa paksa. Gumagawa ng tentatibong balangkas upang maiayos ang mga ideyang nakuha mula sa mga sanggunian.

Uri ng Balangkas:

(1) Balangkas na Papaksa. Ang mga ideya ay nakahanay sa pamamagitan lamang ng susing salita o paksa. (2) Balangkas na Pangungusap. Ang pagkakasunod-sunod ng mga ediya ay nasusulat sa pangungusap. (3) Balangkas na Talata. Balangkas na ipinahahayag sa pamamagitan ng talataan.

Tentatibong Bibliograpi- ay listahan ng mga paghahanguan ng impormasyon na gagamitin sa pananaliksik. Nakasulat dito ang mga aklat, pahayagan, dyornal at iba pang materyal na magagamit upang matugunan ang mga tanong na sasaliksikin.

2 Pangunahing Dahilan sa Paggawa ng Tentatibong Bibliograpi. (1) Upang itala ang lahat ng publikasyong maaring gamitin sa pangangalap ng mga datos. (2) Upang itala ang mahalagang impormasyon tungkol sa publikasyon para sa paghahanda ng pinal na bibliograpi.

**GAWAIN:**

**Pagkikilala.** Isulat sa patlang ang tinutukoy na pahayag.

____________ 1. Ang mga ideya ay nakahanay sa pamamagitan lamang ng susing salita o paksa.

____________ 2. Listahan ng mga paghahanguan ng impormasyon na gagamitin sa pananaliksik.

____________ 3. Balangkas na ipinahahayag sa pamamagitang ng talataan.

____________ 4. Nagsisilbing larawan ng mga pangunahing ideya at mahahalagang detalye tungkol sa paksa.

____________ 5. Balangkas na ipinahahayag sa pamamagitang ng talataan.

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Hakbang ng Pananaliksik Para sa Papel Pananaliksik | | |
| Paksang Pamagat : Paraan at Tamang Proseso ng Pagsulat ng Isang Pananaliksik. | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino. F11PU-IVef-91 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 13 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**Paraan at Tamang Proseso ng Pagsulat ng Pananaliksik:**

> Layunin ng pag-aaral: Ano ang gustong malaman o matuklasan sa iyong pananalisik.

> Pagpapahayag ng suliranin:Kailangan hindi pang-karaniwan, may interes ang mag-aaral ,may kahalagahan ito sa sa estudyante , at maging sa ibang tao o institusyon.

> Pagbibigay katuturan sa mga katagang ginamit sa pag-aaral: Binibigyang paliwanag o pakahulugan ang mga mahahalagahang salitang ginamit ng mananaliksik.

> Kahalagahan ng pag-aaral : Ano ang magiging kontribusyon ng inyong pananaliksik sa sarili, kapwa, lipunan, pamahalaan at bayan.

> Mga kaugnay na pag-aaral:Ilalahad sa kabanatang ito ang balik-aral ng mga kaugnay na literatura ng mga naisagawang pagsisiyasat .

>Metodolohiya:Dito nakasaad kung papaano ikaw, bilang manananaliksik ay magkakalap ng mga datos para sa iyong pag-aaral. Maaari kang gumamit ng pakikipanayam, sarbey, magbasa ng libro, empirikal obserbasyon at marami pang iba.

> Paglalahad , pagsusuri at pagpapakahulugan ng datos: Sa paglalahad, maaring talakayin ng mananaliksik ang bawat himaymay ng mga nakuhang tala.

> Lagom ng natuklasan, konklusyon at rekomendasyon: Ito ang pangwakas na bahagi na katatagpuan ng pinakabuod ng pag-aaral.

**GAWAIN:**

Ipasusuri sa mga mag-aaral ang isang natapos ng papel pananaliksik. Pagkatapos, punan ng tamang sagot ang ilan sa paraan at prosesong ginamit nito.

Layunin ng pag-aaral- ___________________________________________________

Pagpapahayag ng suliranin- ______________________________________________

Kahalagahan ng pag-aaral- _______________________________________________

Mga kaugnay na pag-aaral- _______________________________________________

Metodolohiya- _________________________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Kasaysayan ng Wikang Pambansa | | |
| Paksang Pamagat : Konseptong Papel | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Natutukoy ang kahulugan ng konseptong papel at bahagi nito. F11PT-IVef-91<br>Naihahambing ang paagkakaiba ng Reaksyon at Konseptong Papel. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ni Alma M. Dayag | LAS No.: 14 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**KONSEPTONG PAPEL**- ito ay nagsisilbing proposal para maihanda ang isang pananaliksik, ang kabuuang ideya na nabuo mula sa isang framework o balangkas ng paksang bubuuin.

**APAT NA BAHAGI NG KONSEPTONG PAPEL**

**(1) Rationale** - ito ang bahaging nagsasaad sa kasaysayan o dahilan kung bakit napiling talakayin ang isang paksa. Mababasa rito ang kahalagahan at kabuluhan ng paksa.


**(2) Layunin**- dito naman mababasa ang hangarin o tunguhin ng pananaliksik base sa paksa.

**(3) Metodolohiya**-ilalahad dito ang pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pangangalap ng datos gayundin ang paraang gagamitin sa pagsusuri naman niya sa mga nakalap na impormasyon.

**(4) Inaasahang output o resulta**-dito ilalahad ang inaasahang kalalabasan o magiging resulta ng pananaliksik o pag-aaral.

**.GAWAIN**

Gamit ang dayagram ipaliwanag ang pagkakaiba ng dalawa: Ang Konseptong Papel at Reaksyong Papel.



| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Mga Hakbang ng Pananaliksik Para sa Papel Pananaliksik | | |
| Paksang Pamagat : Pagbuo ng Pinal na Draft | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nagagamit ang mga katwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik. F11WG-IVgh-92 | | |
| Sanggunian : Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ( Heidi C. Atanacio et. al.) | | LAS No.: 15 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

**3 bahagi ng pagsulat ng Pinal na Sulating Pananaliksik**

(1) Introduksyon. Ito ay maaaring maglaman ng sumusunod: maikling kaligiran ng paksa, layunin ng mananaliksik, pahayag ng tesis o thesis statement,kahalagahan ng paksa o ng pagsasagawa ng pananaliksik, saklaw at limitasyon ng pananaliksik.

(2) Katawan. Sa pagsulat ng katawan ng sulating pananaliksik, ipinapayong ayusin ang iyong mga ideya sa paraang makapagpapahatid ng kahalagahan ng aralin. (3) Konklusyon. Ito ay paglalagom at pagdidiin ng ideya. Ito'y nagpapahayag ng sintesis, evalwasyon o paghatol ng mananaliksik sa mga impormasyon at datos na kanyang nakalap na maaaring sumupurta o hindi sa kanyang pahayag ng tesis o thesis statement na nakasaad sa introduksyon.

**GAWAIN:**

Gamit ang Venn Diagram ipalahad sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng tatlong bahagi ng Pagsulat ng Pinal na Pananaliksik.

**Introduksyon** **Katawan** **Konklusyon**

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Kasaysayan ng Wikang Pambansa | | |
| Paksang Pamagat : Pagbuo ng Pinal na Awtput | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa.F11EP-IVij-38 | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ni Alma M. Dayag | | LAS No.: 16 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Natutuhan mo na ang mga bahagi ng pananaliksik kaya handa ka na sa pagsulat ng pinal na papel.

**.GAWAIN**

Subalit bago ka magpatuloy ay bigyang pansin mo muna ang tseklist sa ibaba. Lagyan mo ng tsek(/) ang mga bahaging natapos mo na.

_____ Pagpili ng Paksa
_____ Pangangalap ng Paunang Impormasyon
_____ Pagbuo ng Tesis
_____ Pagbuo ng Panimulang Balangkas
_____ Pagbuo ng Konseptong Papel
_____ Pagbuo ng Pansamantalang Bibliyograpiya
_____ Pagbuo ng Panghuling Balangkas
_____ Pagsulat ng Borador

Kung may mga bahaging hindi mo nalagyan ng tsek (/) ay balikan ang bahaging ito at kompletuhin bago mo umpisahan ang pagsulat ng iyong pinal na sulating pananaliksik. Kung nalagyan mo naman ng tsek (/) ang lahat ng bahagi ay binabati kita dahil maaari mo nang isulat ang pinal na sulating pananaliksik.